# MGA FAQ TUNGKOL SA KOMITE NG TAGAPAYO NG TANGGAPAN NG MGA PANG-ADMINISTRATIBONG PAGDINIG

**Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (DDS) ay lubos na nakipagtulungan sa maraming nagtataguyod sa sarili, miyembro ng pamilya at stakeholder upang baguhin ang proseso ng mga apela ng regional center. Nagkasundo ang DDS at Tanggapan ng mga Pang-administratibong Pagdinig na isang Komite ng Pagpapayo ang magiging isang mabuting paraan para patuloy na makatanggap ng opinyon. Pagtutuunan ng pansin ng Komite ng Pagpapayo na ito ang proseso ng pagdinig at medyasyon kaugnay ng Lanterman Act.**

**Tanong 1: Ano ang layunin ng Komite ng Pagpapayo ng Tanggapan ng mga Pang-administratibong Pagdinig (OAHAC o Komite ng Pagpapayo)?**
Sagot 1: Pagbibigay ng opinyon ang Komite sa OAH at DDS tungkol sa mga paraan upang mapabuti ang proseso ng pagdinig at medyasyon.

**Tanong 2: Sinu-sino ang mga miyembro ng Komite ng Pagpapayo?**
Sagot 2: Ang Komite ay magkakaroon ng hanggang 21 miyembro. Ang mga indibidwal at pamilyang tumatanggap ng mga serbisyo sa regional center ay magiging hindi bababa sa kalahati (1/2) ng kabuuang miyembro. Kabilang sa ibang mga miyembro ang Disability Rights California (Mga Karapatan sa Kapansan sa California); Developmental Disabilities (Konseho ng Estado para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad), mga kinatawan ng mga regional center; Association of Regional Center Agencies (Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center); ang Office of the Clients' Rights Advocacy; at mga organisasyon ng adbokasiya para sa mga serbisyo sa pag-unlad.

**Tanong 3: Gaano katagal maaaring maglingkod ang isang indibidwal sa Komite ng Pagpapayo?**
Sagot 3: Para sa unang termino, ang bawat miyembro ay hihirangin upang maglingkod sa alinman sa dalawa o tatlong taong termino. Maaaring mag-apply para sa pangalawang termino ang miyembro. Maaari lamang maglingkod ng dalawang magkasunod na termino ang miyembro. Walang limit sa kabuuang bilang ng mga termino na makakapaglingkod ang miyembro sa pagdaan ng panahon.

**Tanong 4: Gaano kadalas magpupulong ang Komite ng Pagpapayo?**
Sagot 4: Magpupulong ang Komite ng Pagpapayo sa virtual na paraan (online) ng dalawang beses sa isang taon. Sa pangkalahatan, gaganapin ang mga pagpupulong sa panahon ng Spring (Tagsibol) at Fall (Taglagas). Magkakaroon ng karagdagang pagpupulong kapag hiniling ng DDS at OAH.

**Tanong 5: Maaari bang dumalo sa mga pagpupulong ng Komite ng Pagpapayo ang mga miyembro ng publiko?**
Sagot 5: Oo, magiging bukas sa publiko ang mga pagpupulong. Kukuha ng komento sa publiko sa bawat pagpupulong.

**Tanong 6: Magkakaloob ba ng interpretasyon sa wika?**
Sagot 6: Oo. Magkakaroon ng Pagsasalin sa Espanyol at American Sign Language (Wikang Pasenyas na Amerikano) para sa bawat pampublikong pagpupulong. Magkakaloob din sa mga pagpupulong ng interpretasyon sa wikang gusto ng mga kalahok at sa mga wikang patiunang hiniling ng mga miyembro ng publiko sa bawat pagpupulong.

**Tanong 7: Anu-anong mga responsibilidad mayroon ang isang miyembro ng Komite ng Pagpapayo?**
Sagot 7: Dapat asahan ng mga miyembro na sila ay dadalo at aktibong makikibahagi sa bawat pagpupulong. Kung hindi makakadalo ang miyembro sa dalawang pagpupulong, maaaring maghirang ang OAH at DDS ng pamalit na miyembro na kukumpleto sa termino. Ang mga indibidwal na nakapagsumite ng aplikasyon ay isasaalang-alang para mahirang sa bakanteng posisyon.

**Tanong 8: Ano ng proseso at timeline ng aplikasyon?**
Sagot 8: Ang mga indibidwal na nagnanais na maging bahagi ng Komite ng Pagpapayo ay kailangang kumpletuhin ang aplikasyon sa computer. Narito ang link sa online na aplikasyon (Solicitud de membresía en español) **Ang mga aplikasyon para sa unang grupo ay kailangang isumite sa DDS bago lumampas ng Enero 31, 2023.** Pagkatapos noon, tatanggapin ang mga aplikasyon sa buong taon.

**Tanong 9: Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon?**
Sagot 9: Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon online, maaari kang humingi ng tulong mula sa sinuman sa mga kokontakin sa ibaba:

- Isang pinagkakatiwalaang miyembro o kapamilya
- Iyong lokal na Tagapagtaguyod para sa mga Karapatan ng Kliyente
  - Tumawag sa (800) 390-7032 (TTY 877-669-6023) para sa Northern California
  - Tumawag sa (866) 833-6712 (TTY 877-669-6023) para sa Southern California
- Ang State Council on Developmental Disabilities (SCDD, Konseho ng Estado para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad)
  - Tumawag sa (833) 818-9886 para maikonekta sa iyong lokal na tanggapan
- Sa Ombudsperson ng DDS sa ombudsperson@dds.ca.gov o (877) 658-9731

**Tanong 10: Sino ang pumipili sa mga miyembro ng Komite ng Pagpapayo?**
A10: Ang Direktor ng OAH at Direktor ng DDS, o isang tanong itinalaga nila, ang magkasamang magpapasya kung sinu-sino ang magiging mga miyembro ng komite, bilang pagsunod sa Welfare and Institutions Code (Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon) Seksyon 4717. Gagawa ng mga pagsusumikap upang matiyak na ang pagiging miyembro sa OAHAC ay sumasalamin sa dibersidad ng lahat ng indibidwal na pinaglilingkuran ng mga regional center.

**Tanong 11: Saan ako maaaring magbigay ng iba pang mga katanungan?**
Sagot 11: Mangyaring ipadala ang iba pang mga katanungang maaaring mayroon ka sa OAHAC@dds.ca.gov.

**Kagawaran ng California sa Serbisyo sa Pag-unlad**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
OAHAC@dds.ca.gov
www.dds.ca.gov